



دار زايد للثقافة الإسلامية
Zayed House For Islamic Culture

Ang Katarungan ay Pangkalahatang Layunin



zhic.uae @zhic_uae zhic_uae zhic

800 555



اتصل على
JUST CALL

P.O Box: 16090, Al Ain, U.A.E
www.zhic.ae contact@abudhabi.ae

Inihanda ni: Muhammad Chehmat, PhD
Syllabus development supervisor

Ang katarungan ay isang unibersal na hangarin. Ito'y ipinahayag at ipinatupad sa lahat ng mga banal na mensahe mula sa Allah at maging sa mga batas na gawa ng tao. Ang katarungan ay napakahalaga, sapagkat ito ang pundasyon ng matatag na pamumuhay. Samakatuwid, ang Islam ay nagbigay ng mahusay na pangangalaga sa katarungan bilang isang mahalagang prinsipyo ng tao na gumagarantiya ng pangangalaga sa mga karapatan, pagpapalaganap ng katahimikan at kaligtasan.

Ang katarungan ay anumang bagay na itinuturing ng sarili bilang tuwid, habang ang kasalungat naman nito ay ang paniniil.¹ Ang salitang katarungan at anumang salita na nagmumula sa katagang ito ay nangangahulugan ng kaginhawahan, pagkamakatao, balanse at pagkakapantay-pantay. Ang katarungan ay nangangahulugan rin ng katotohanan, kabutihan, kaalaman, kaisipan, paggawa, kagandahan at iba pa.

Malinaw na maiintindihan mula sa mga kahulugang nabanggit na kabilang sa mga kahulugan ng salitang katarungan ay ang pagkakapantay-pantay at katotohanan (na isa sa mga pangalan ng Allah). Isang malinaw na kapahayagan tungkol sa katarungan sa Islam ay matatagpuan sa banal na Koran, sapagkat ipinag-utos ng Allah sa mga mananampalataya na ito ay ipatupad sa lahat ng aspeto ng kanilang pamumuhay. Layunin ng pagpapatupad nito ang kabutihan para sa sangkatuhan at pangangalaga sa kanilang mga karapatan. Ipinag-utos rin ng Allah na ito ay itaguyod sa salita at gawa. Kanyang sinabi: [Katotohanang ipinag-utos ng Allah ang pagpapatupad ng katarungan at paggawa ng kabutihan sa kapwa...]² Sinabi rin ng Allah: [..At kapag kayo ay humatol sa pagitan ng mga tao, ay dapat kayo ay maging makatarungan...]³

Isa sa mga kahulugan ng katarungan ay ang pagiging balanse at walang kinikilingan, katotohanang ito ay isa sa pinakamahalagang layunin ng pagsugo ng Allah sa mga propeta at pagpapahayag Niya ng mga banal Niyang mga salita. Sinabi ng Allah: [Katotohanan Kami ay nagpadala ng Aming mga Mensahero na may malinaw na mga katibayan, at ipinahayag sa kanila ang kasulatan at ang Timbangan [ng katarungan] upang ang sangkatauhan ay manatili sa katarungan.]⁴ Ang mga talatang nabanggit ay nagpapatibay sa makataong-ugnayan ng mga bansa at nasyon sa pamamagitan ng makatarungang pakikitungo sa isa't-isa. Katotohanang lahat ng ito ay magbubunga ng pagkakaunawaan at pagkakaintindihan sa loob ng pamayanan.

Saklaw ng katarungan ang lahat ng aspeto ng buhay. Kabilang na rito ang pagiging makatarungan sa asawa sa usaping pinansyal at pangkalahatang pakikitungo sa kanya, sa pamamagitan ng katapatan at pag-unawa. Sinabi ng Allah: [kapag kayo ay magsasalita,

1. Lisan Al-arab 11/430 - لسان العرب، ابن منظور، دار صادر، لبنان، بيروت، سنة الصدور 1414 هـ / 11/ص: 430.

2. سورة النحل، الآية: 90. - Surah An-nahl

3. سورة النساء، الآية: 58. - Surah An-nisa

4. سورة الرحمن، الآية: 9. - Surah Ar-rahman

magsalita ng may katarungan...]⁵ Gayundin ang pagiging makatarungan sa pagitan ng mga anak, katotohanang sinabi ng Propeta Muhammad(saws): [Maging makatarungan kayo sa pagitan ng inyong mga anak.]⁶ Napakaraming paalala ang iniwan ng Propeta Muhammad(saws) patungkol sa katarungan sa pakikitungo sa kapwa. Siya rin ay nagpaalala na maging makatarungan ang tao sa pagsamba at paglilingkod sa Allah sa pamamagitan ng kayamanan at sarili.

Katotohanang ang katarungan ay katatagan, pagiging pantay, at katapatan na siyang mga katangian ng isang marangal na tao. Siya ang taong mayroong mahinahon at malinaw na kaisipan sa pakikitungo at pakikisalamuha sa kapwa. Katotohanang ang pagpapalaganap ng katarungan ay mahalagang layunin ng relihiyong Islam upang makamtan ang kaunlaran sa lipunan at kapayapaan sa buong pamayanan.

⁵ .152. الآية: - Surah Al-an'am 152

⁶ .2587. صحيح البخاري، الرقم: - Sahih Al-bukhari 2587